ANUNSYO UKOL SA MGA KONDISYON SA TAGTUYOT SA CALIFORNIA

Noong Hulyo 8, nagpasa si Gobernador Newsom ng Ehekutibong Utos N-10-21 na nagpapalawig sa kalagayan ng emerhensiya sa tagtuyot sa 50 county na karamihan ay nasa hilaga at sentrong mga bahagi ng estado. **Nanawagan din ang Gobernador sa lahat ng mga taga-California na "*boluntaryong* bawasan ang paggamit ng kanilang tubig nang 15% mula sa kanilang mga lebel sa 2020".**

Ang California ay nakatanggap ng mas mababa sa 50% ng karaniwang pag-ulan sa nakaraang dalawang taon, at ang mga kondisyon sa tagtuyot ay narito na naman. Ngayon higit kailanman, inirerekomenda namin na ayusin ng mga kostumer ang mga tulo sa kanilang ari-arian, tingnan ang mga sistema ng irigasyon, at maghanap ng dagdag na mga paraan upang magtipid sa tubig. Nakatuon kami na panatilihin kayong may alam at maglalabas ng karagdagang mga anunsyo kapag nakatanggap kami ng mga update mula sa Estado ng California.

Kung ang lahat ay gumagawa ng kaunti, marami tayong matitipid. Tulungan kaming makatipid ng tubig sa pamamagitan ng mga kapakipakinabang na mga payong ito:

Sa labas:

1. Magkabit ng smart sprinkler timer at makatipid ng hanggang 120 galon kada araw.
2. Limitahan ang pagdidilig ng inyong bakuran ng tatlong araw kada linggo at hindi hihigit sa 10 minuto kada istasyon, at magdilig lamang sa pagitan ng 5pm at 9am.
3. Diligan ang inyong bakuran nang maaga sa umaga o kalaliman ng gabi upang mabawasan ang pagsingaw. Makatipid ng hanggang 25 galon kada araw.
4. Gumamit ng walis sa halip na hose sa paglilinis ng daanan at makatipid ng 21 galon bawat pagkakataon.
5. Palitan ang bahagi ng iyong bakuran ng mga halamang hiyang sa California at makatipid ng libu-libong galon kada buwan.

Sa loob:

1. Ayusin ang tumutulong mga gripo at palikuran. Makatipid ng hanggang 20 galon kada araw.
2. Patayin ang tubig kapag nagsisipilyo ng inyong ngipin at paikliin ang inyong paliligo sa 5 minuto. Makatipid ng hanggang 25 galon kada araw.
3. Maglaba ng punong karga ng labahan at makatipid ng 15 hanggang 40 galon bawat pagkakataon.
4. Makatipid ng hanggang 500 galon ng tubig kada buwan sa pamamagitan ng paghintay na mapuno ang dishwasher bago ito paandarin.
5. Magkabit ng bagong mataas na kahusayan na palikuran at makatipid hanggang 40 galon kada araw.

Bumisita sa aming website sa www.fontanawater.com upang malaman ang higit pa tungkol sa pagtitipid ng tubig at upang tingnan ang listahan ng mayroon na mga programa sa pagtitipid ng tubig kung saan maaaring kwalipikado ka! Kung mayroon kang anumang tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay Patrick Soto at 909-201-7391.

MATINDI ANG TAGTUYOT – MANGYARING MAGTIPID NG TUBIG